MENSAHE PARA SA PANDAIIDIG
NA ARAW NG TEATRO 2026

Ni WILLEM DAFOE

Ako ay isang actor higit na kiilala sa larangan ng pelikula. Subalit higit na malalim ang aking ugat bilang actor ng teatro. Ako ay naging kasapi ng Wooster Group mula 1977 hanggang 2003 gumawa at gumanap sa mga orihinal na pagtatanghal sa The Performing Garage sa New York City, nakapagtanghal sa ibat ibang panig ng mundo. Nakatrabaho ko rin sina Richard Foreman, Robert Wilson at Romeo Castelluci. Sa ngayon, ako ang artistic Director ng Venice Theater Biennale. Lahat ng ito at ang aking appointment ngayon na sumulat ng Mensahe para sa World Theater Day 2026, ay pawang nagpainit ng hangarin ko na bumalik sa Teatro at nagpatibay lalo sa paniwala ko sa lakas ng Teatro at positibong paniwala sa kapangyarihan ng Teatro.

Ang aking hamak na simula at ang buong panahon ko sa Wooster Group sa New York, ay madalas na maliit na atensiyon lamang ang aming natatanggap. Madalas pa nga na kung mas marami ang performers at technical staff kaysa manonood ay nagbalak kami na magkansela ng palabas. Na hindi naman namin ginawa. Marami sa aming mga kasamahan ay hindi naman talagang tagateatro at pawang galing sa ibat ibang didiplina na nagtipon tipon dahil sa bighani ng Teatro. Kaya tuloy ang palabas. Kaya sa ano mang pagkakataon, tumutupad kami sa doktrina na makabuo ng palabas para sa tao.

Nangyayari din, nagrerehearsal kami sa araw, na pagsapit ng gabi, ang aming palabas ay pagpapatuloy ng amin nang napagsanayansa mga sinundang araw. Kung minsanay gumugugol kami ng panahon sa isang bagong palabas at sa tanghalan ay ipapalabas ang dati nang naitanghal. Ang paggugol ng mga taon sa dati nang naipalabas kung minsan sa panig ko ay nakakapagod rin. Kung minsan ay nakasasawa rin kung maliit lamang ang mga manonood, subalit ang hindi dapat mawala ay ang kasabikan. Higit sa lahat, hindi dapat mawala ang ugnayan ng mga gumaganap sa tanghalan at ang mga nanonood na mga saksing nagbibigay kahulugan sa buhay at Teatro.

Gaya ng ga patalastas sa tribuna ng sugalan: IKAW AY NARITO PARA MANALO, ibahagi sa manonood ang mga naging karanasan sa aktuwal na pagtatanghal, na iyon naman ang tunay na kapangyarihan ng Teatro. Sa usaping panglipunan at political, ang Teatro kung lilinawin sa katunayan ay hindi naman naging malakas na puwersa sa ating pagkaunawa sa ating sarili at sa mundo.

Ang “elepante sa ating kuwarto” ay ang bagong teknolohiya sa ating panahon na wari bang nangangako ng koneksiyon pero sa katotohanan ay siya pang nagtuturo ng pagkakawatak-watak at pagkakalayo sa isat isa.

Araw araw ay ginagamit ko ang aking computer, kahit wala akong social media. At na-google ko pa nga ang aking sarili bilang actor ng pelikula, at kumonsulta pa rin ako sa artificial intelligence para sa iba pang impormasyon. Subalit kailangang maging bulag ka upang huwag maipagkamali na ang ang paggamit ng makabagong teknolohiya ay inilalayo ang kontak sa kapwa tao. Ang relasyon sa makabagong kagamitan ay nagdidistansiya naman sa relasyon sa kapwa. Bagamat ang ibang teknolohiya ay matagumpay na nakagaganap sa tungkulin ng kapwa, ngunit ang hindi natin pagkaalam kung sino ang nasa kabilang dulo ng teknolohiya, ay nagpapalalim at nagdaragdag sa krisis ng katotohanan at realidad. Bagamat ang internet ay maaaring humingi ng linaw o kaya ay magtanong, hindi madali sa internet na linawin kung ano ang hiwaga at lakas na nagagawa ng Teatro. Ang lakas at hiwaga ng atensiyon, ng ugnayan at ang natural at ang halubilohan ng presensiya sa sirkulo ng aksiyon at katugunan.

Bilang actor at manggagawa sa Teatro, akoy nananatiling matibay ang paniwala sa kapangyarihan ng Teatro. Sa mundo na wari bang malakas at malaganap ang pagkakawatak watak, panunupil at violente, ang hamon sa mga manggagawa sa Teatro ay ang pag-iwas ng Teatro sa kurapsiyon lalo na sa komersiyalismo at pagkatutok sa entertainment na mapanligaw ng paniwala at ang tuyot na tagapagtaguyod ng tradisyon, sa halip na isulong ng Teatro ang lakas na mapag-ugnay ang mga tao at Lipunan, komunidad, kultura at higit sa lahat ay pagsagot sa katanungan: saan ba tayo papunta?

Ang dakilang Teatro ay ang paghamon kung paano tayo mag-isip at humihikayat sa atin at magbigay-linaw kung ano ang ating hinahangad.

Tayo ay mga social animal, at nakadisenyo na gumabay sa daigdig, lahat ng ating mga pandamdam ay pawang mga landas ng pakikipagugnayan sa lahat ng tao at mga bagay sa mundo, at bawat ugnayang ito ay dagdag na depinisyon kung sino ba tayo. Sa bawat kuwento ng buhay, estetiko, wika, galaw, mga eksenograpiya – ang Teatro ay isang buong porma ng sining kung ano ba ang nagdaan, ano ang kasalukuyan at ano ang darating. – Willem Dafoe